# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 9
## Ikalawang Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikalawang Markahan Baitang 9
# Supplemental Lesson Plan 1

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 1 – Tanka at Haiku**

**A. Panimula**

Magpakita ng larawan ng isang Hapones.



Magkaroon ng maikling pagbabahaginan ang mga mag-aaral kaugnay sa mga bagay na nalalaman nila tungkol sa bansang Hapon.

Saan nakikilala ang bansang Hapon? Paano naging maunlad ang kanilang bansa sa larangan ng panitikan? Ano ang mga tanyag nilang panitikan?

**B. Katawan**

**Pagbasa**

Ipabasa ang halimbawa ng tanka at haiku sa mga mag-aaral.

**Tanka:**

**Katapusan ng Aking Paglalakbay**
ni Oshikochi Mitsune
Isinalin sa Filipino ni M.O. Jocson

Napakalayo pa nga
Wakas ng paglalakbay
Sa ilalim ng puno
Tag-init noon
Gulo ang isip.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga piling akdang tradisyonal ng Silangang Asya.

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusulat ang mga mag-aaral ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasusuri ang tono ng pagbigkas ng napakinggang tanka at haiku.
2. Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng estilo ng pagbuo ng tanka at haiku.
3. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang salitang ginamit sa tanka at haiku.
4. Nasasaliksik ang kulturang nakapaloob sa tanka at haiku ng Silangang Asya.
5. Naisusulat ang payak na tanka at haiku sa tamang anyo at sukat.

**Haiku:**
**Tutubi**
ni Gonzalo K. Flores

Hila mo'y tabak
Ang bulaklak nanginig
Sa paglapit mo.

Ipasuri sa klase ang nilalaman ng tanka at haiku. Gamitin ang tsart sa ibaba para sa pagsusuri.

| Pamagat | Paksa | Mensahe |
|---|---|---|
| (Tanka) Katapusan ng Aking Paglalakbay | | |
| (Haiku) Tutubi | | |

Batay sa isinagawang pagsusuri ng paksa, ano ang pagkakaiba o pagkakatulad ng tanka at haiku?

**2. Pagpapayaman ng Talasalitaan**

Ipabigay ang kahulugan ng mga salita sa konotasyon at denotasyong kahulugan nito.

| Salita | Konotasyon | Denotasyon |
|---|---|---|
| paglalakbay | | |
| puno | | |
| tabak | | |
| bulaklak | | |

**3. Pag-unawa sa Binasa**

Sagutin ang mga tanong.

a. Anong damdamin ang nangibabaw sa tanka at haiku?

b. Ano ang karaniwang paksa ng tanka at haiku? Ano ang nais ipahiwatig nito?

c. Nasasalamin ba sa tanka at haiku ang bansang pinagmulan nito? Paano nakikilala sa panitikang ito ang kultura ng bansang pinagmulan nito?

6. Nabibigkas ang isinulat na tanka at haiku nang may wastong antala/hinto, at damdamin.
7. Nagagamit ang suprasegmental na antala/hinto, diin at tono sa pagbigkas ng tanka at haiku.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. Sa paanong paraang nagkakaiba ang pagbigkas ng tanka at haiku?

e. Paano naiiba ang tanka at haiku sa iba pang uri ng tula sa Pilipinas?

f. Paano nakatutulong ang ponemang suprasegmental sa pagbigkas ng mga tulang ito?

**Pagsulat:**

A. Ipatala ang katangian ng isang tanka. Gamitin ang tsart sa ibaba.

| | |
|---|---|
| Panahon ng Pagkakasulat | |
| Estruktura (Sukat at Tugma) | |
| Paksa at Tema | |

B. Ipatala ang katangian ng isang Haiku. Gamitin ang tsart sa ibaba.

| | |
|---|---|
| Panahon ng Pagkakasulat | |
| Estruktura (Sukat at Tugma) | |
| Paksa at Tema | |

Panonood/Pakikinig: Panoorin o manood ng video ng pagbigkas ng tanka at haiku. Suriin ang paraan ng pagbigkas nito.

| Paraan ng Pagbigkas | Tanka | Haiku |
|---|---|---|
| Tono | | |
| Himig | | |
| Bigkas ng salita | | |

**Pagsasaliksik:** Magpasaliksik ng ibang halimbawa ng haiku at tanka at tukuyin ang kulturang Hapon na nakapaloob sa panitikang ito. Magpakita ng sitwasyon o senaryo ng kulturang Hapon na nakapaloob sa tulang ito sa pamamagitan ng pagsasadula.

**Pagkilala sa Kultura:** Ihambing ang tanka at haiku sa mga matatandang tula sa ating bansa tulad ng tanaga at ambahan.

| Tanka at Haiku (Hapon) | Tanaga at Ambahan (Pilipinas) |
|---|---|
| | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

4. **Pagganap**

Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang halimbawa ng tanka at haiku. Ipabigkas ito sa klase batay sa natutuhang paraan ng pagbigkas nito gamit ang kaalaman sa ponemang suprasegmental.

5. **Pamantayan sa Pagsulat at Pagbasa ng Haiku at Tanka**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| PAKSA: Nasusunod ang karaniwang paksa ng haiku at tanka | | | | | |

## C. Kongklusyon

Titiyakin kung naunawaan ng mag-aaral ang pagsulat ng ganitong uri ng tula sa pamamagitan ng sumusunod:

a. Kung ikaw ang susulat ng ganitong uri ng tula, ano ang paksang iyong talakayin? Bakit? Ano-ano ang salitang gagamitin mo sa paglalarawan ng iyong paksang napili?

| Paksa | Mga Salitang Gagamitin |
|---|---|
| | |

b. Kompletuhin ang pahayag upang mabuo ang diwa ng talata.

Natutuhan ko ang maraming bagay tungkol sa ______________________. Halimbawa, _________________. Sa aking palagay, ______________________ ____________________________________________________. Isang tanong ang nais kong masagutan at ito ay ____________________________________. Ibig ko pang maunawaan ang ________________________________________.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN: Angkop ang nilalaman sa paksa | | | | | |
| ESTRUKTURA: Nasusunod ang mga bilang ng pantig at taludtod ng haiku at tanka | | | | | |
| GAMIT NG WIKA: Wasto at angkop ang baybay at gamit ng salita, balarila, at bantas | | | | | |
| PAGBASA NG TANKA AT HAIKU: Mahusay na nailalapat ang tamang tono, diin, at intonasyon sa pagbasa ng tanka at haiku | | | | | |

# Ikalawang Markahan Baitang 9
# Supplemental Lesson Plan 2

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 2 – Maikling Kuwento**

**Teksto:** Ang Ama
Salin ni Mauro R. Avena

**A. Panimula**

Magpakita ng larawan ng isang ama.



Magkaroon ng maikling pagbabahaginan ang mga mag-aaral sa kanilang relasyon sa kanilang ama.

Ano-ano ang gampanin ng ama sa isang pamilya? Ano ang salitang makapaglalarawan sa iyong ama? Bakit? Paano mo ilalarawan ang relasyon ninyong mag-ama?

**B. Katawan**

**1. Panitikan**

Ipabasa maikling kuwentong Singaporean na pinamagatang "Ang Ama" na isinalin ni Mauro R. Avena.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa mga piling akdang tradisyonal ng Silangang Asya.

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusulat ang mga mag-aaral ng sariling akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagiging isang Asyano.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nasusuri ang maikling kuwento batay sa estilo ng pagsisimula, pagpapadaloy, at pagwawakas ng napakinggang salaysay.
2. Nahihinuha ang kulturang nakapaloob sa binasang kuwento na may katutubong kulay.
3. Nabibigyang-kahulugan ang mga imahe at simbolo sa binasang kuwento.
4. Naisasalaysay ang sariling karanasan na may kaugnayan sa kulturang nabanggit sa nabasang akda.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Ang Ama**

Salin ni Mauro R. Avena

Magkahalo lagi ang takot at pananabik kapag hinihintay ng mga bata ang kanilang ama. Ang takot ay sa alaala ng isang lasing na suntok sa bibig na nagpapatulo ng dugo at nagpapamaga ng ilang araw sa labi. Ang pananabik ay sa pagkain na paminsan-minsa'y iniuuwi ng ama – malaking supot ng mainit na pansit na iginisa sa itlog at gulay. Ang totoo, para sa sarili lang niya ang iniuuwing pagkain ng ama, lamang ay napakarami nito upang maubos niya nang mag-isa; pagkatapos ay naroong magkagulo sa tira ang mga bata na kanina pa aali-aligid sa mesa. Kundi sa pakikialam ng ina na mabigyan ng kaniya-kanyang parte ang lahat – kahit ito'y sansubo lang ng masarap na pagkain, sa mga pinakamatanda at malakas na bata lamang mapupunta ang lahat, at ni katiting ay walang maiiwan sa maliliit.

Anim lahat ang mga bata. Ang dalawang pinakamatanda ay isang lalaki, dose anyos, at isang babae, onse; matatapang ang mga ito kahit na payat, at nagagawang sila lang lagi ang maghati sa lahat ng bagay kung wala ang ina upang tiyaking may parte rin ang maliliit. May dalawang lalaki, kambal, nuwebe anyos, isang maliit na babae, otso anyos, at isang dos anyos na paslit pa, katulad ng iba, ay maingay na naghahangad ng marapat niyang parte sa mga pinag-aagawan.

Natatandaan ng mga bata ang isa o dalawang okasyon na sinorpresa sila ng ama ng kaluwagang-palad nito – sadyang nag-uwi ito para sa kanila ng dalawang supot na puno ng pansit guisado, at masaya nilang pinagsaluhan ang pagkain na hirap nilang ubusin. Kahit na ang ina nila'y masayang nakiupo sa kanila at kumain ng kaunti.

Pero hindi na naulit ang masayang okasyong iyon, at ngayo'y hindi na nag-uuwi ng pagkain ang ama; ang katunaya'y ipinapalagay ng mga batang mapalad sila kung hindi ito umuuwing lasing at nanggugulpi ng kanilang ina. Sa kabila niyo'y umaasa pa rin sila, at kung gising pa sila pag-uwi sa gabi ang ama, naninipat ang mga matang titingnan nila kung may *brown* na supot na nakabitin sa

5. Nailalarawan ang sariling kultura sa anyo ng maikling salaysay.
6. Nagagamit ang mga pahayag sa pagsisimula, pagpapadaloy, at pagtatapos ng isang kuwento.
7. Nasasaliksik ang tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng mga Asyano batay sa maikling kuwento ng bawat isa.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

tale sa mga daliri nito. Kung umuuwi itong pasigaw-sigaw at padabug-dabog, tiyak na walang pagkain, at ang mga bata'y magsisiksikan, takot na anumang ingay na gawa nila ay makainis sa ama at umakit sa malaking kamay nito upang pasuntok na dumapo sa kanilang mukha. Madalas na masapok ang mukha ng kanilang ina; madalas iyong marinig ng mga bata na humihikbi sa mga gabing tulad nito, at kinabukasan ang mga pisngi at mata niyon ay mamamaga, kaya't mahihiya iyong lumabas upang maglaba sa malalaking bahay na katabi nila. Sa ibang mga gabi, hindi paghikbi ang maririnig ng mga bata mula sa kanilang ina, kundi isang uri ng nagmamakaawa at ninenerbiyos na pagtawa, at malakas na bulalas at pag-ungol mula sa kanilang ama, at sila'y magtatanong kung ano ang ginagawa nito.

Kapag umuuwi ang ama na mas gabi kaysa dati at mas lasing kaysa dati, may pagkakataong ilalayo ng mga bata si Mui Mui. Ang dahila'y si Mui Mui, otso anyos at sakitin at palahalinghing na parang kuting, ay madalas kainisan ng ama. Uhugin, pangiwi-ngiwi, ito ay mahilig magtuklap ng langib sa galis na nagkalat sa kanyang mga binti, na nag-iiwan ng mapula-pulang mga paste, gayong paulit-ulit siyang pinagbabawalan ng ina. Pero ang nakakainis talaga ay ang kanyang halinghing. Mahaba at matinis, iyon ay tumatagal ng ilang oras, habang siya ay nakaupo sa bangko sa isang sulok ng bahay, o namamaluktot ng paghiga sa banig kasama ang ibang mga bata, na di-makatulog. Walang pasensiya sa kanya ang pinakamatandang lalaki at babae, na malakas siyang irereklamo sa ina na pagagalitan naman siya sa pagod na boses; pero sa gabing naroon ang ama, napapaligiran ng bote ng beer na nakaupo sa mesa, iniingatan nilang mabuti na hindi humalinghing si Mui Mui. Alam nila na ang halinghing niyon ay parang kudkuran na nagpapangilo sa nerbiyos ng ama at ito'y nakakabulahaw na sisigaw, at kung hindi pa iyon huminto, ito'y tatayo, lalapit sa bata at hahampasin iyon nang buong lakas. Pagkatapos ay haharapin nito at papaluin din ang ibang bata na sa tingin nito, sa kabuuan, ay ang sanhi ng kanyang kabuwisitan.

Noong gabing umuwi ang ama na masamang-masama ang timpla dahil nasisante sa kanyang trabaho sa lagarian, si Mui Mui ay nasa gitna ng isang mahabang halinghing at di mapatahan ng dalawang pinakamatandang bata gayong binalaan nilang papaluin ito. Walang ano-ano, ang kamao ng ama ay bumagsak sa nakangusong mukha ng bata na tumalsik sa kabila ng kuwarto, kung saan ito nanatiling walang kagalaw-galaw. Mabilis na naglabasan ng bahay ang ibang mga bata sa inaasahang gulo. Nahimasmasan ng ina ang bata sa pamamagitan ng malamig na tubig.

Pero pagkaraan ng dalawang araw, si Mui Mui ay namatay, at ang ina lamang ang umiyak habang ang bangkay ay inihahandang ilibing sa sementeryo ng nayon may isang kilometro ang layo, doon sa tabi ng gulod. Ilan sa taga-nayon na nakakatanda sa sakiting bata ay dumating upang makiramay. Sa ama na buong araw na nakaupong nagmumukmok ay doble ang kanilang pakikiramay, dahil alam nilang nawalan ito ng trabaho. Nangolekta ng abuloy ang isang babae at pilit niya itong inilagay sa mga palad ng ama na di-kawasa, puno ng awa sa sarili, ay nagsimulang humagulgol. Ang balita tungkol sa malungkot niyang kinahinatnan ay madaling nakarating sa kanyang amo, isang matigas ang loob pero mabait na tao, na noon di'y nagdesisyong kunin siya uli, para sa kapakanan ng kanyang asawa at mga anak. Dala ng kagandahang-loob, ito ay nagbigay ng sariling pakikiramay, kalakip ang munting abuloy (na minabuti nitong iabot sa asawa ng lalaki imbes na sa lalaki mismo).


Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Nang makita niya ang dati niyang amo at marinig ang magaganda nitong sinabi bilang pakikiramay sa pagkamatay ng kanyang anak, ang lalaki ay napaiyak at kinailangang muling libangin.

Ngayo'y naging napakalawak ang kanyang awa sa sarili bilang isang malupit na inulilang ama na ipinaglalamay ang wala-sa-panahong pagkamatay ng kanyang dugo at laman. Mula sa kanyang awa sa sarili ay bumulwak ang wagas na pagmamahal sa patay na bata, kaya't madalamhati siyang nagtatawag, "Kaawa-awa kong Mui Mui! Kaawa-awa kong anak!" Nakita niya ito sa kanyang libingan sa tabi ng gulod – payat, maputla, at napakaliit – at ang mga alon ng lungkot at awa na nagpayanig sa matipuno niyang mga balikat at brasong kayumanggi ay nakakatakot tingnan. Pinilit siyang aluin ng mga kapitbahay, na ang iba'y lumayo na may luha sa mga mata at bubulong-bulong, "Maaaring lasenggo nga siya at iresponsable, pero tunay na mahal niya ang bata."

Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kanyang mga luha at saka tumayo. Mayroong siyang naisip. Mula ngayon, magiging mabuti na siyang ama. Dinukot niya sa bulsa ang perang ibinigay ng kanyang amo sa asawa (na kiming iniabot naman nito agad sa kanya, tulad ng nararapat). Binilang niya ang papel-de-bangko. Isa man dito ay hindi niya gagastahin sa alak. Hindi na kailanman. Matibay ang pasiya na lumabas siya ng bahay. Pinagmasdan siya ng mga bata. Saan kaya ito pupunta, tanong nila. Sinundan nila ito ng tingin. Papunta ito sa bayan. Nalungkot sila, dahil tiyak nila na uuwi itong dalang muli ang mga bote ng beer.

Pagkalipas ng isang oras, bumalik ang ama. May bitbit itong malaking supot na may mas maliit na supot sa loob. Inilapag nito ang dala sa mesa. Hindi makapaniwala ang mga bata sa kanilang nakita, pero iyon ba'y kahon ng mga tsokolate? Tumingin silang mabuti. Mayroong supot ng ubas at isang kahon yata ng biskwit. Nagtalo ang mga bata kung ano nga ang laman niyon. Sabi ng pinakamatandang lalaki'y biskwit; nakakita na siyang maraming kahong tulad niyon sa tindahan ni Ho Chek sa bayan. Ang giit naman ng pinakamatandang babae ay kendi, y'ong katulad ng minsa'y ibinigay sa kanila ni Lau Soh, na nakatira doon sa malaking bahay na pinaglalabhan ng Nanay. Ang kambal ay nagkasya sa pandidilat at pagngisi sa pananabik; masaya na sila ano man ang laman niyon. Kaya't nagtalo at nanghula ang mga bata, takot na hipuin ang yaman na walang senyas mula sa ama. Inip nilang lumabas ito ng kanyang kuwarto.

Di nagtagal ay lumabas ito, nakapagpalit na ng damit, at dumiretso sa mesa. Hindi dumating ang senyas na nagpapahintulot sa mga batang ilapat ang mga kamay sa pinag-iinteresang yaman. Kinuha nito ang malaking supot at muling lumabas ng bahay. Hindi matiis na mawala sa mata ang yaman na sa wari'y kanila na sana, nagbulungan ang dalawang pinakamatanda nang matiyak na hindi sila maririnig ng ama. "Tingnan natin kung saan siya pupunta." Nagpumilit na sumama ang kambal, at ang apat ay sumunod nang malayu-layo sa ama. Sa karaniwang pagkakataon, tiyak na makikita sila nito at sisigawang bumalik sa bahay, pero ngayo'y nasa isang bagay lamang ang isip nito at hindi man lang sila napuna.

Dumating ito sa libingan sa tabing-gulod. Kahuhukay pa lamang ang puntod na kanyang hinintuan. Lumuhod ito at dinukot ang mga laman ng supot na dahan-gahang inilapag sa puntod, habang pahikbing nagsalita, "Pinakamamahal kong anak, walang maiaalay sa iyo ang iyong ama kundi ang mga ito. Sana'y tanggapin mo." Nagpatuloy itong

nakipag-usap sa anak, habang nagmamasid sa pinagkukublihang mga halaman ang mga bata. Madilim na ang langit at ang maitim na ulap ay nagbabantang mapunit anomang saglit, pero patuloy sa pagdarasal at pag-iyak ang ama. Naiwan itong nakaluhod kahit bumagsak na ang ulan. Pagkuwa'y umalis ito, naninikit sa katawan ang basang kamisadentro. Sa isang iglap, ang kanina pang inip na inip na mga bata ay dumagsa sa yaman. Sinira ng ulan ang malaking bahagi niyon, pero sa natira sa kanilang nailigtas, nagsalo-salo sila tulad sa isang piging na alam nilang di nila mararanasang muli.

**2. Pagpapayaman ng Talasalitaan**

Ibigay ang sinisimbolo o ipinapahiwatig ng sumusunod na mga salita o parirala. Ipaliwanag.

a. supot ng pansit
b. matipunong balikat at brasong kayumanggi
c. yaman
d. napakalawak ng kanyang awa
e. masama ang timpla
f. senyas
g. ang ulap ay nagbabantang mapunit
h. piging
i. madilim ang langit
j. dumagsa sa yaman

**Pag-unawa sa Binasa**

Mga gabay na tanong:

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang kadalasang pasalubong ng ama sa kanila?
2. Anong pangyayari ang nakapagpabago sa buhay ng mag-anak?
3. Ano ang kinakatakutan ng mga anak sa kanilang ama?
4. Bakit sinabing "Maaaring lasenggo nga siya at iresponsable, pero tunay na mahal niya ang bata?" Ipaliwanag at patunayan.
5. Paano nagwakas ang kuwento?
6. Ano ang pangunahing kaisipan na nakapaloob sa kuwentong binasa?
7. Paano masasalamin sa akda ang kultura ng mga Asyano na may kaugnayan sa pamilya?
8. Anong katotohanan ang nalaman mo sa kuwentong ito kaugnay ng pamilyang Asyano?

**Gawaing Pangwika**

Batay sa akdang binasa, gawin ang sumusunod na mga gawaing pangwika.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Pagbasa**

Muling balikan ang kuwento. Ilarawan ang mga tauhan sa binasang kuwento.

| Ama | Ina | Mga Anak |
|---|---|---|
| | | |

**Pakikinig/Pagsasalita:** Ilahad ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento gamit ang *story ladder*. Isulat muna ang mga susing salita o parirala at pagkatapos ay gawin ang dugtungang kuwento. Uumpisahan ng isang miyembro ng grupo at susundan ng iba pa hanggang makapagkuwento ang bawat isa at matapos ang kuwento. Isang pangungusap lamang bawat isang mag-aaral.



**Pagsasalita:** Pumili ng isang magandang bahagi sa kuwento na ipinapakilala ang kulturang pinagmulan ng akda at maihahalintulad sa kaganapan o sitwasyon sa Pilipinas. Isadula ito sa klase.

**Pagsulat A:** Gumuhit ng isang larawan o simbolo na nagpapakita ng mahalagang kaisipan na nakapaloob sa kuwento.


**Pagsulat B:** Suriin ang kuwento batay sa mga ibinigay na elemento ng maikling kuwento.

| Mga Elemento | Pagsusuri |
|---|---|
| Panimula | |
| Saglit na Kasiglaan | |
| Tunggalian | |
| Kasukdulan | |
| Wakas | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

**3. Pagpapalawig**

Palawakin ang kahulugan ng salitang AMA sa pamamagitan ng *word network*.




**C. Kongklusyon**

Papiliin ang mag-aaral ng isang natatanging katangian ng kanyang ama o karanasan niyang hindi malilimutan kasama ang kanyang ama at sumulat ng isang dagli o maikling kuwento tungkol dito.

**Pamantayan sa Pagsulat ng Kuwento**

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Nakapanghihikayat ang pamagat | | | | | |
| 2. Malikhain ang paglalarawan ng tagpuan | | | | | |
| 3. Kaangkupan ng papel na ginampanan ng mga tauhan | | | | | |
| 4. Maayos ang daloy ng mga pangyayari (simula, gitna, at wakas) | | | | | |
| 5. Malinaw na nailalarawan ang kaisipang nakapaloob | | | | | |
| 6. Mahusay na natatalakay ang paksang napili | | | | | |
| 7. Naisasaalang-alang ang wastong gamit ng bantas | | | | | |
| 8. May angkop at wastong gamit ng mga salita | | | | | |
| **Kabuuang Puntos =** | | | | | |

**Sintesis**

Punan ang pahayag ng angkop na salita upang mabuo ang diwa ng talata.

Natutuhan ko na ______________________________________________.

Isang tanong ang nais kong masagot ay ______________________________.

Ibig ko pang maunawaan ang ________________________________________.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikalawang Markahan Baitang 9
# Supplemental Lesson Plan 3

## Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

**Aralin 3: Sanaysay**

**Teksto:** Kay Estella Zeehandelar
Sanaysay (Indonesia)
Salin ni Ruth Elynia Mabanglo
mula sa "Mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese"

**A. Panimula**



Sabihin sa klase na balikan ang mga liham na natanggap mo mula sa kaibigan, kakilala, at taong malapit sa iyo. Itanong: Ano ang pinakamahalagang liham na natanggap mo? Kanino ito galing at ano ang nilalaman nito?

Pasulatin ang mga mag-aaral bilang paunang gawain ng tatlo hanggang limang pangungusap na nagpapaliwanag ng kanilang sagot.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**Pamantayang Nilalaman:**

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya.

**Pamantayang Pagganap:**

Nakasusulat ng talumpating naglalahad ng pananaw tungkol sa kulturang hindi kumikilala sa pantay-pantay na karapatan ng lalaki at babae.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

- Napapalawak ang mga sagot sa pamamagitan ng pagpapaliwanag.
- Naipaliliwanag ang mga salitang hindi lantad ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap.
- Naipapahayag ang sariling pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu sa talumpating nagpapahayag ng matibay na paninindigan.
- Naisusulat ang isang talumpating naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

B. **Katawan**

1. **Pagbasa**

**Kay Estella Zeehandelar**

Sanaysay (Indonesia)
Salin ni Ruth Elynia Mabanglo
mula sa "Mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese"

Japara, Mayo 25, 1899

Ibig na ibig kong makakilala ng isang "babaeng moderno," iyong babaeng malaya, nakapagmamalaki't makaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla't maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan at kaligayahan kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong panahon; totoong sa puso't isip ko'y hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga puting kapatid na babae na tumatanaw sa malayong Kanluran.

Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng aking bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang sarili sa mga nagtatrabaho't nagsisikap na bagong kababaihan ng Europe; subalit nakatali ako sa mga lumang tradisyong hindi maaaring suwayin. Balang araw maaaring lumuwag ang tali at kami'y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon. Alam mo ba kung paano mahalin ang bago at batang panahong ito nang buong puso't kaluluwa kahit nakatali sa lahat ng batas, kaugalian at kumbensyon ng sariling bayan. Tuwirang sumasalungat sa kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon namin. Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. Alam kong para sa aking sarili'y magagawa kong iwasan o putulin ang mga ito, kaya lamang ay may mga buklod na matibay pa sa alinmang lumang tradisyon na pumipigil sa akin; at ito ang pagmamahal na iniuukol ko sa mga pinagkakautangan ko ng buhay, mga

- Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng ordinaryong opinyon, matibay na paninindigan, at mungkahi.
- Nauunawaan ang kultura ng ibang bansa sa Timog-Silangang Asya sa pamamagitan ng panitikan.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

taong nararapat kong pasalamatan sa lahat ng bagay. May karapatan ba akong wasakin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahal at kabutihan, mga taong nag-alaga sa akin nang buong pagsuyo?

Ngunit hindi lamang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit, at bagong-silang na Europe ay nagtutulak sa aking maghangad ng pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Kahit noong musmos pa ako'y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang "emansipasyon"; may isang naiibang kabuluhan ito, isang kahulugang hindi maabot ng aking pang-unawa. Gumigising ito sa akin para hangarin ang pagsasarili at kalayaan – isang paghahangad na makatayong mag-isa. Ang puso ko'y sinusugatan ng mga kondisyong nakapaligid sa akin at sa iba, buong lungkot na pinag-aalab ang mithiin kong magising ang aking bayan.

Patuloy na lumapit ang mga tinig na galing sa malalayong lupain, umaabot sa akin, at sa kasiyahan ng ilang nagmamahal sa akin at sa kalungkutan ng iba, dala nito ang binhing sumupling sa aking puso, nag-ugat, sumibol hanggang sa lumakas at sumigla.

Ngayo'y kailangang sabihin ko ang ilang bagay ukol sa sarili upang magkakilala tayo.

Panganay ako sa tatlong babaing anak ng Regent ng Japara. Ako'y may anim na kapatid na lalaki at babae. Ang lolo kong si Pangeran Ario Tjondronegoro ng Demak ay isang kilalang lider ng kilusang progresibo noong kapanahunan niya. Siya rin ang kauna-unahang regent ng gitnang Java na nagbukas ng pinto para sa mga panauhin mula sa ibayong dagat – ang sibilisasyong Kanluran. Lahat ng mga anak niya'y may edukasyong European, at halos lahat ng iyon (na ang ilan ay patay na ngayon) ay umiibig o umibig sa kaunlarang minana sa kanilang ama; at nagdulot naman ito sa mga anak nila ng uri ng pagpapalaking nagisnan nila mismo. Karamihan sa mga pinsan ko't nakatatandang kapatid na lalaki ay nag-aral sa Hoogere-Burger School, ang pinakamataas na institusyon ng karunungang matatagpuan dito sa India. Ang bunso sa tatlong nakatatandang kapatid kong lalaki'y tatlong taon na ngayong nag-aaral sa Netherlands, at naglilingkod din naman doon bilang sundalo ang dalawa pa. Samantala, kaming mga babae'y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming mga lumang tradisyon at kumbensiyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae, lalo't kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskuwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saanman, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar ng pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad namin na bukas sa mga babae ay ang libreng *grammar school* ng mga European.

Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay – kinailangang "ikahon" ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-ugnayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makakapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras. Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y ang pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi naman ipinagbawal. Ito — ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyo, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang naging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo sigurong nawalan ng kabuluhan ang buhay ko't kaluluwa. Subalit dumating ang kaibigan ko't tagapagligtas — ang Diwa ng Panahon; umalingawngaw sa lahat ng dako ang mga yabag niya. Nayanig sa paglapit niya ang palalo't matatag na balangkas ng mga lumang tradisyon. Nabuksan ang mga pintong mahigpit na nakasara, kusa ang iba, ang iba nama'y pilit at bahagya lamang ngunit bumukas pa rin at pinapasok ang mga di-inanyayahang panauhin.

Sa wakas, nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong *bridegroom*. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayaring nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.

Nang sumunod na taon, sa oras ng pagtatalaga sa poder ng bata pang Prinsesa (bilang Reyna Wilhemina ng Netherlands ), "opisyal" na inihandog sa amin ng mga magulang namin ang aming kalayaan. Sa kauna-unahang pagkakataon sa aming buhay, pinayagan kaming umalis sa bayan namin at pumunta sa siyudad na pinagdarausan ng pagdiriwang para sa okasyong iyon. Anong dakilang tagumpay iyon! Ang maipakita ng mga kabataang babaeng tulad namin ang sarili sa labas, na imposibleng mangyari noon. Nasindak ang "mundo"; naging usap-usapan ang "krimeng" iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Nagsaya ang aming mga kaibigang European, at para naman sa amin, walang reynang yayaman pa sa amin. Subalit hindi pa ako nasisiyahan. Lagi, ibig kong makarating sa malayo, mas malayo. Wala akong hangaring makipamista, o malibang. Hindi iyon ang dahilan ng paghahangad kong magkaroon ng kalayaan. Ibig kong malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral, hindi para mapailalim sa sinuman, at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan.

Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim; ito ang pinakamalaking kahihiyang maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kanyang pamilya.

At ang pag-aasawa para sa amin — mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensiyon; kung ang lahat ng kaluwaga'y para sa kanya lang?

Pag-ibig! Anong nalalaman namin dito ukol sa pag-ibig? Paano namin maiibigan ang isang lalaking hindi namin kailanman nakilala? At paano nila kami iibigin? Hindi yata maaaring mangyari iyon. Mahigpit na ipinaghihiwalay ang mga kabataang babae at lalaki, at kailanma'y hindi pinapayagang magkakilala.

**2. Talasalitaan**

Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang kanilang pagpapakahulugan sa mga salitang may salungguhit ayon sa kung paano ito ginamit sa pangungusap. Maaaring ipahanap sa diksiyonaryo pagkatapos upang matiyak kung tama ang kanilang pagkaunawa sa mga salita.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

a. Nang marinig ko ang salitang emansipasyon, nakapang-akit ito sa akin na magising na hangaring ang pagsasarili at kalayaan.

b. Hindi ko nais na wasakin ang puso ng mga mahal ko sa buhay.

c. Ito ang nagbukas ng pinto sa mga kababaihan na ipamalas ang kanilang talento.

d. Ipinagkasundo ako ng aking mga magulang sa hindi kilalang lalaki.

e. Bata pa lang ako ay nais ko nang makatayong mag-isa sa aking buhay.

**3. Pag-unawa sa Binasa**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong upang matiyak naman ang kanilang pag-unawa sa binasa.

a. Sa palagay mo, sino ang nagsasalita sa akda? Kanino niya nais iparating ang liham na ito?

b. Anong katangian ang tinataglay ng nagsasalita sa akda? Patunayan.

c. Anong bahagi ng akda ang nagpapahiwatig na ang sumulat ay naimpluwensiyahan na ng pananaw ng mga babaeng Kanluranin?

d. Ano ang tanging kaligayahan niya sa gitna ng pagkakakulong?

e. Paano niya ipinahayag ang damdamin sa mga kaugaliang kanyang nararanasan? Nakatutulong ba ito sa kanya?

f. Paano niya hinarap ang kawalan ng kalayaan? Tama ba ang kanyang ginawang hakbang? Pangatuwiranan ang sagot.

g. Anong karapatang pantao, kaugnay ng mga kababaihan, ang nakapaloob sa akdang binasa?

h. Bilang isang babae, paano mo maipamamalas ang iyong paninindigan?

i. Ilarawan si Kartini batay sa kanyang iniisip, nararamdaman, sinasabi, at ginagawa.

j. Paghambingin ang mga tradisyon at kumbensiyong sinusunod ng lahing Javanese sa tradisyon at kulturang Pilipino.

**4. Gawaing Pangwika**

**Pagbibigay ng Opinyon at Paninindigan**

Ang pagbibigay ng opinyon sa isang mahalagang isyu na kinakaharap ng bansa ay isang magandang indikasyon na ang mga mamamayan ay nakikisangkot sa mga pangyayaring nagaganap sa kanyang paligid at lipunang ginagalawan. Maaaring positibo o negatibo ang pagbibigay ng opinyon. Ilan sa mga salita o pariralang maaaring gamitin sa pagbibigay ng opinyon ay ang sumusunod:

a. Positibong Opinyon

- Tama ang sinabi mo…
- Sa palagay ko totoong…
- Iyan nga ang nararapat…

- Pareho tayo ng iniisip
- Ganyan din ang palagay ko…
- Sang-ayon ako…
- Oo nga…
- Tunay na…
- Talagang…

b. Negatibong Opinyon

- Mabuti naman, ngunit…
- Ikinalulungkot ko sapagkat…
- Hindi ako sang-ayon dahil…
- Nauunawaan kita, subalit…
- Hindi totoong…
- Huwag kang…

Halimbawa:

1. Sa palagay ko totoong mahirap manirahan sa ibang bansa.
2. Hindi tooong masarap manirahan sa ibang bansa.

**Pagbasa/Pagbigkas**

Paghambingin ang babaeng Javanese at Pilipino. Ilahad ang kanilang pagkakaiba pagdating sa mga nakagisnang kultura at ang kanilang gampanin sa lipunan.

**Pakikinig**

Magsagawa ng isang panayam sa isang Muslim o iba pang pangkat sa inyong lugar, tanungin o alamin ang kanilang mga tradisyon.

Pangalan ng taong kinapanayam: ________________________________________

**Tanong:**

Paano ninyo napapanatili ang inyong mga tradisyon? Nais ba ninyong lumaya sa mga nakagisnang tradisyong ito? Ano-ano ang naging pagbabago sa inyong mga tradisyon sa paglipas ng panahon?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Pagsulat**

Sumulat ng isang talumpati na naglalahad ng iyong pananaw sa ilang kulturang hindi kumikilala sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at ng babae sa lipunan.

**LIPUNAN**

Lalaki

Babae

**C. Kongklusyon:**

Iguhit ang ☺ kung natamo ang kasanayan at ☹ naman kung hindi.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Napapalawak ang mga sagot sa pamamagitan ng pagpapaliwanag | |
| 2. | Naipaliliwanag ang mga salitang 'di lantad ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap | |
| 3. | Naipapahayag ang sariling pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu sa talumpating nagpapahayag ng matibay na paninindigan | |
| 4. | Naisusulat ang isang talumpating naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa | |
| 5. | Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng ordinaryong opinyon, matibay na paninindigan, at mungkahi | |

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents